

CHAPTER ONE

“**N**aku, Benny, ano ba’ng problema? Alas nueve na ng gabi’y gising ka pa rin,” napapabuntung-hiningang bigkas ni Jade Anne sa nine-month-old na pamangkin na iyak nang iyak sa ibabaw ng kama. “Pagod na ang Mommy sa trabaho. Buti na lamang at Sabado bukas. Sandali na lang, Sweetheart... heto na ang gatas mo....”

Nang maisubo na niya ang bote ng gatas sa bibig nito ay saka lamang ito tumigil sa pag-iyak. Naupo siya sa gilid ng kama at nakangiting pinanood ang pamangkin.

Si Benny ay anak ng kanyang kakambal—si Jade Diane, na dalawang taon na niyang hindi nakikita. Naglayas ito sa bahay ng tiyahin nila na siyang kumupkop sa kanilang magkapatid nang mamatay ang kanilang ina noong limang taong gulang pa lamang sila.

Three months old pa lamang si Benny nang iwan ito ni Jade Diane sa kanyang landlady habang siya ay nasa trabaho. Kasama ng bata ay isang sulat na

nagsasabi na ibinibigay na ito ng kapatid sa kanya. Nakalakip doon ang birth certificate ng bata.

Sa anim na buwan na nasa kanya ang pamangkin ay napamahal na ito nang husto sa kanya. Kailangan siya nito at kailangan din niya ito para magkaroon ng katuturan at direksyon ang kanyang buhay. Parang anak na ang turing niya rito.

Ngunit may malaki siyang problema. Habang lumalaki si Benny ay lumalaki rin ang pangangailangan nito. Ang kanyang suweldo bilang accounting clerk sa isang pabrika ay hindi naman lumalaki.

Naputol ang kanyang pag-iisip nang marinig na tinatawag siya ni Aling Tere, ang kanyang landlady.

“Ano ho iyon, Aling Tere?” tanong niya nang bahagyang isilip ang ulo sa maliit na siwang ng pinto.

“May bisita ka sa sala. Brent Manansala daw,” bungad nito. “Naku, Jade! Napakaguwapo!”

Napakunot-noo siya. “Wala ho akong kilalang Brent Manansala, Aling Tere. Sigurado ho ba kayo na ako ang hinahanap?”

“Oo. Tinanong niya kung dito nakatira si Jade Cortez. Sabi ko, oo. Pinapasok ko na kasi ang guwapo,” bungisngis nito. “Baka ‘ika ko manliligaw mo.”

“Puwede ho bang dito na lang sa sala sa itaas ko siya kausapin? Ayaw ko ho kasing iwan si Benny....”

Tumango ito. “Sige, paaakyat na lang,” anitong tumalima na upang balikan ang panauhin.

Pumasok siya sa kuwarto para magbihis at silipin ang nahihimbing na pamangkin. Matapos ang ilang minuto ay lumabas siya para sa sala na hintayin ang bisita. Nagulat siyang mabungaran na roon ang lalaki.

Totoo ang sinabi ng landlady, naisip niya.

Guwapo ang kanyang bisita—tall, dark and handsome. Iyon ang tamang mga salita para ilarawan ang lalaki. Pero ang kapansin-pansin ay ang deep-set eyes nito na sa kasalukuyan ay matamang nakatitig sa kanya. Naramdaman niyang nag-init ang kanyang mga pisngi.

May kaba sa dibdib na nilapitan niya ito. “Hindi kita kilala, pero sabi ni Aling Tere na hinahanap mo daw ako.”

Akala niya ay hindi siya nito narinig dahil hindi ito sumagot kaagad. Uulitin sana niya ang sinabi nang bigla itong lumapit at inilahad ang kamay sa kanyang harapan. “I am Brent Manansala,” pagpapakilala nito sa sarili. Malalim ang boses nito at lalaking-lalaki. “Ikaw ba si Jade—Jade Cortez?”

Tumango lamang siya bilang tugon. Tinanggap

niya ang handshake nito. Sa pagkakadikit ng kanilang mga palad, naramdaman niyang parang may gumapang na kuryente mula sa kamay nito patungo sa kanya. Hindi siya makapagsalita, hindi rin niya maialis ang tingin sa bisita dahil waring nabatubalani siya rito.

Hindi niya alam kung gaano sila katagal na nagtitigan ng lalaki dahil natauhan lamang siya nang marinig niya ang malakas na iyak ng pamangkin. Tinalikuran niya ang bisita para puntahan ang bata sa kuwarto, pero bago siya makatalikod ay nakita niya ang pagbabago ng ekspresyon ng mukha ng bisita. Parang galit na tiningnan nitong muli ang payat niyang katawan. Napapakunot-noo man sa naging ekspresyon ng lalaki, hindi na niya iyon binigyang-pansin at nagmamadali niyang tinungo si Benny.

Malambing na kinarga niya ang bata.

“Sweetheart, tahan na. Nandito na si Mommy,” alo niya rito. “Ay, kaya naman pala umiiyak. Basang-basa na ang diaper ng baby ko....”

Mabilis niyang pinalitan ang diaper nito at saka pa lamang ito tumigil sa pag-iyak. Kinarga niya itong muli para isama sa sala. Napansin niyang pinapanood sila ng bisita mula sa nakaawang na pinto.

Natigilan siya sa nakitang ekspresyon nito. Hindi pa rin iyon nagbabago, animo'y galit pa rin. Dahil wala siyang maisip na sabihin ay ipinakilala na lamang niya rito ang pamangkin.

"Benny, may bisita tayo," baling niya sa pamangkin.

Inialis ng bisita ang mga mata nito sa kanya at saka masusing tinitigan ang bata. "Magkamukha kayo," kaswal na komento nito.

Saka lang naisip ni Jade na napagkamalan ng bisita na siya ang ina ni Benny. Hindi na siya gumawa ng effort upang ipaliwanag dito ang totoong sitwasyon.

"Nasaan ang tatay niyan?" pagkuwa'y usisa nito na bumalik ang kulimlim na anyo. "Ahh... siguro'y mas dapat kong itanong kung sino ang tatay niyan."

Ikinagulat niya iyon, at sa inis niya ay sinagot niya ito nang pabalang. "Importante pa ba iyon?"

Nagkibit-balikat ito. "Maaaring sa iyo'y hindi pero sa anak mo, baka importante iyon pagdating ng araw."

"Ang pangalan ng tatay niya ay Paco," turan niya. "Francisco 'Paco' Gonzales." Hindi niya alam kung ano ang nagtulak sa kanya para sagutin ang impertinenteng estranghero gayong wala naman

itong kaugnayan sa buhay niya.

Mas bumalasik ang mukha nito, lumapit sa kanya at hinawakan siya nang mahigpit sa magkabilang braso. “Sigurado ka ba sa sinasabi mo?” galit na tanong nito na nanlilisik ang mga mata.

“S-siyempre, sigurado ako,” lakas-loob niyang sagot. “Teka nga, ano ba ang pakialam mo kung sino ang ama ng batang ito? Sino ka ba?”

Parang bingi ito na hindi sinagot ang kanyang tanong. “May prueba ka ba? Ang birth certificate ng bata, nasaan?”

“Prueba? Bakit ko kailangang magpakita ng prueba sa iyo? Sino ka ba talaga?” galit na ring bigkas niya. Sinalubong niya ang matiim nitong titig.

“Kunin mo ang birth certificate ng bata; gusto kong makita,” matigas na utos nito.

Hindi sana niya ito susundin subalit nadama niya ang paghigpit ng hawak nito sa kanyang braso. Pinakawalan lamang siya nito upang makuha niya ang birth certificate ni Benny.

Inilapag niya ang bata sa kama at padabog na binuksan ang drawer na pinaglalagyan ng mga importanteng papeles. Busangot ang mukhang iniabot niya ang papeles sa supladong panauhin.

Binasa nito iyon. “Benny Cortez. Father: Francisco

Gonzales. Mother: Jade Diane Cortez..." Maang itong napatingin sa mukha niya. "Hindi kayo kasal?"

Umiling siya. "Hindi naniniwala si Paco sa kasal," sagot niya dahil iyon ang dahilang inilagay ni Jade Diane sa sulat na iniwan nito sa kanya.

Tuluyan na niyang pinangatawanan ang impresyong nilikha niya sa isip ng binata—na siya ang ina ni Benny.

Matapos nitong basahin ang birth certificate ay itinupi nito iyon at inilagay sa bulsa ng suot na polo.

"Teka, bakit mo itinatago ang birth certificate ni Benny?" takang tanong niya na biglang nagdilim ang mukha. "Ibalik mo sa akin 'yan."

"Mag-impake ka," matigas na utos nito. "Sasama kayo ng bata sa akin ngayon din."

Napakunot-noo siya. "Bakit?"

"Wala nang maraming tanong," tila mauubusan na ng pasensyang sabi nito. "Basta sasama kayo sa akin."

"Nasisiraan ka ba ng bait? Bakit namin gagawin iyon? Hindi kita kilala," singhal niya.

"Kung ayaw mong mahiwalay sa bata ay sasama ka," aroganteng pahayag nito.

"Kung ayaw ko—" Nakaramdam siya ng kaba. "A-ano'ng ibig mong sabihin?"

“Ang ibig kong sabihin, Miss Cortez,” sabi nito sa mababang tinig pero sa mga mata nito ay hindi pa rin nawawala ang init, “hindi ako makakapayag na ang pamangkin ko’y lumaki sa hirap when I have the means to provide him with a comfortable life.”

Natigilan siya sa narinig. “P-pamangkin?”

“Si Paco ay bunso kong kapatid,” paliwanag nito.

“Pero ang sabi mo’y Brent Manansala ang pangalan mo... at si Paco ay Gonzales ang apelyido,” naguguluhang saad niya.

“Ang tunay na pangalan ni Paco ay Francisco Gonzales Manansala. Ginamit niya ang apelyido ng aming mama nang siya ay maglayas two years ago. Matagal ko na siyang hinahanap,” malamig na paliwanag nito. “Ang aming mama ay malapit nang mamatay at lagi niyang hinahanap si Paco. Tiyak na matutuwa iyon kapag iniuwi ko ang anak ni Paco.”

“P-paano mo nakuha ang pangalan ko... at paano mo kami nakita?”

“Nag-hire ako ng isang private detective,” salaysay nito. “Nagdesisyon ako na personal kang puntahan dito para kausapin si Paco. Hindi ko akalain na pagdating ko dito’y wala na siya. Kailan ba kayo huling nagkita? Alam mo ba kung saan siya pupunta?”

Umiling siya. “Matagal ko nang hindi nakikita si Paco. Iniwan niya ako nang... i-ipinagbubuntis ko pa lamang si Benny,” pagsisinungaling niya. “At lalong hindi ko alam at wala na rin akong pakialam kung nasaan na siya.”

“Sige na, mag-impake ka na para makaalis na tayo,” muli ay utos nito.

“Sorry, pero hindi kami puwedeng sumama sa iyo,” matigas na tanggi niya. “Hindi pa kita lubos na kilala.”

“Wala akong panahon para makipagtalo sa iyo,” inis nang saad nito. “Hindi ako aalis dito hangga’t hindi ko kasama ang pamangkin ko. Kung gusto mong sumama, okay. Pero sumunod ka sa ipinag-uutos ko.”

“Ang kapal naman ng mukha mo!” singhal niya. “Sino ka ba sa akala mo?”

Nalukot ang mukha ng lalaki. “Look, Miss Cortez... Tinutulungan lang kita. Tingnan mo ang sarili mo,” turan nito na hinagod ng tingin ang kabuuan niya. “Ang payat mo na. Siguro’y dahil madalas kang magpalipas ng gutom at dahil na rin sa sobrang trabaho. ‘Tapos pagdating mo sa bahay ay aalagaan mo pa ang pamangkin ko. Paano kung magkasakit ka? Sino ang mag-aalaga sa iyo at sa bata?”

Paano kung bigla kang mawalan ng trabaho? At least, kung nasa akin kayo, nakakatiyak ka na mabubuhay kayong mag-ina nang maayos.”

Hindi siya nakapagsalita dahil tinamaan siya ng mga sinabi nito.

“Miss Cortez, sa ayaw at sa gusto mo, isasama ko ang bata ngayon din. Kung gusto mong sumama, sige... tatanggapin kita sa bahay ko. Kung ayaw mo, wala akong pakialam.”

“Hindi mo maaaring kunin na lang nang basta-basta si Benny. Walang korte ang papayag na ilayo mo ang isang sanggol na katulad ni Benny sa ina nito,” galit na protesta niya.

“Marami akong pera at koneksyon. Magagawa kong kunin ang bata sa iyo nang wala kang kalaban-laban,” nananantyang saad nito. “Pero iyon ba ang gusto mong mangyari?”

Natigilan si Jade. Alam niyang hindi niya maaaring paabutin sa korte ang usaping iyon dahil hindi naman siya ang talagang ina ni Benny. At kapag nalaman ng lalaking ito na nagsisinungaling siya, tiyak niyang hindi ito titigil hangga’t hindi nakukuha ang bata. Hindi siya makakapayag na malayo ito sa kanya dahil ayaw niyang lumaki ito na walang pagmamahal ng isang ina, katulad ng nangyari sa

kanilang magkapatid.

“Pero paano ako makakatiyak na kapatid mo nga si Paco?” tanong niya na medyo bumaba na ang tono.

“Pagdating natin sa kotse ay ipakikita ko sa iyo ang birth certificate ni Paco at ilan pang dokumento na magpapatunay na si Paco Gonzales at Paco Manansala ay iisa,” sagot nito. “... at ako ay kapatid ni Paco Manansala.”

Siguro ay nakonsyensya ang bisita sa marahas nitong salita, o kaya ay naawa sa nakitang pagbagsak ng mga balikat niya kaya nang magsalita itong muli ay malumanay na ang tono nito. “Huwag kang mag-alala, Jade. Maaayos din ang lahat.”

Hindi niya napigilan ang mapaluha. At nagulat na lamang siya nang yakapin siya ni Brent pero hindi naman siya lumayo rito. Hindi niya alam kung gaano siya katagal umiyak. Nang sa wakas ay huminto siya ay saka lamang siya pinakawalan nito.

“Mag-impake ka na,” pagkuwa’y utos nito. “Yung importante lang. Ang iba’y babalikan na lang natin sa ibang araw.”

HABANG TUMATAKBO ANG SASAKYAN ay ipinabasa ni Brent kay Jade ang mga dokumentong nagpapatunay na kapatid nga nito ang ama ni Benny.

“Naniniwala ka na sa akin ngayon?” tanong ng binata nang matapos siya sa pagbabasa.

“Oo, Mr. Manansala,” mahinang sagot niya. “Pero gusto ko sanang malaman kung ano ang plano mo sa amin ni Benny.”

“Maaari bang ‘Brent’ na lang ang itawag mo sa akin?” iritableng pakiusap nito.

“Kung ‘yon ang gusto mo,” buntung-hininga niya pagkatapos ay inulit ang sinabi.

“Bukas na natin pag-usapan ‘yan. Pagod na ako.”

Naghalukipkip siya. “Saan ba tayo pupunta?”

“Sa bahay ko,” simpleng sagot nito.

Dahil sa labis na pagod at antok, mayamaya lamang ay tulog na siya. Nagising na lamang siya nang yugyugin ng binata ang kanyang balikat.

CHAPTER TWO

Kinabukasan, maagang nagising si Jade pero dahil tulog pa si Benny ay hindi muna siya bumangon. Nagmuni-muni siya.

Hindi muna niya ipagtatapat kay Brent ang kanyang tunay na pagkatao, resolusyon niya. Sisiguruhin muna niyang magiging maligaya ang buhay ng bata sa bahay na iyon bago niya ito iwan.

Naputol ang kanyang pag-iisip nang biglang umiyak ang pamangkin. Nilapitan niya ito at hinalik-halikan.

“Good morning, Sweetheart. Gutom ka na, ano? Naku, basang-basa din ang diaper mo,” aniyang pinupog na naman ito ng halik. “Ang guwapo talaga ng baby ko, lalo na kapag nakangiti!”

Tumayo siya at iniwan ito para magtimpla ng gatas at kumuha ng diaper. Saka lang niya napansin na bukas ang pinto at nakatayo malapit roon si Brent.

Halatang kababangon lamang nito dahil ang tuwid na buhok nito ay medyo magulo pa. Ang tanging suot nito ay boxer shorts, walang suot na pang-itaas kaya kitang-kita niya ang maskuladong

katawan nito.

Alam niyang nakatayo pa rin ito sa pintuan pero hindi niya ito pinapansin. Kahit tapos na siya sa pagpapalit ng diaper ng pamangkin, hindi pa rin niya ito hinarap.

“Magbihis ka na para makapag-almusal na tayo,” walang anu-ano ay turan nito. “Isama mo na ang bata. Pagkatapos ng breakfast ay dadalhin ko kayo sa kuwarto ni Mama.” Pagkasabi niyon ay mabilis itong tumalikod.

Mayamaya ay may kumatok sa pinto kaya tumayo siya para buksan iyon. Saka lang niya naalala na manipis na t-shirt lamang pala ang kanyang suot. Namula siya sa kahihyan nang mapagtantong nakita siya ni Brent sa ganoong ayos. Dali-dali siyang nagsuot ng roba bago binuksan ang pinto.

“Good morning, Miss Jade,” bungad ng unipormadong katulong. “Ako po si Melita. Pinapunta po ako dito ni Ate Modesta para tulungan kayo sa bata.”

“Halika, tuloy ka, Melita,” anyaya niya. “Sino si Ate Modesta?”

“Si Ate Modesta po ang mayordoma dito. Naku, Miss Jade, napaka-cute po ng baby ninyo ni Sir Brent!” masayang turan nito.

Sa sobrang gulat sa narinig, hindi na niya nakuhang magpaliwanag na hindi si Brent ang ama ni Benny. “P-pakibantayan mo muna siya, maliligo lang ako sandali.”

“Miss Jade, baka gusto ninyong linisan ko na si Benny habang naliligo kayo,” mungkahi nito. “Huwag po kayong mag-alala dahil sanay akong magpaligo ng bata. Marami ho kasi akong kapatid.”

Tumango lamang siya.

“Eh, sa bathtub ko na lang po papaliguan si Benny.”

“Sige.”

PAGDATING NILA SA BREAKFAST ROOM, naroon na si Brent. Nagbabasa ito ng diyaryo habang umiinom ng kape, ngunit nang mapansin sila ay ibinaba nito ang binabasa at ipinaghila siya ng silya. Habang pinapakain si Benny sa tulong ni Melita, hindi sila nag-uusap ng binata. Ni hindi niya ito tinitingnan pero nararamdaman niya ang mga mata nito sa kanya. Nang matapos kumain ang bata, inilabas ito ng katulong para ipasyal sa hardin.

“Talaga bang hindi ka na titingin sa akin?” pabirong tanong ng binata pagkuwan.

Napatingin siya rito.

“Gusto ko sanang mag-apologize sa inasal ko kagabi,” simula nito. “Sa iyo ko naibunton lahat ng frustrations ko. Halos dalawang taon na kasi kaming hindi nagkikita ni Paco at akala ko kagabi’y makikita ko na siya. Alam kong that’s not an excuse for the way I acted, pero sana bigyan mo ako ng pagkakataong maging kaibigan mo,” mahabang saad nito.

Nagkibit-balikat siya. “Okay...”

“Gusto ko ring mag-apologize sa bigla kong pagpasok kanina sa kuwarto mo. Nagising kasi ako na umiiyak si Benny; akala ko kung ano na ang nangyayari,” medyo nahihiyang paliwanag nito.

Nakangiting tumango na lamang siya.

“TTO BA ANG ANAK ni Paco? Napakapogi!” masayang bulalas ni Doña Merlinda nang makapasok sina Brent at Jade kasama si Benny sa silid ng matanda. “You must be Jade,” bati nito sa dalaga. “You look so much like Benny.”

“Salamat po, Doña Merlinda,” kining bigkas niya. Sinabi na sa kanya ng binata ang pangalan ng ina nito. Naupo siya sa two-seater sofa.

Naupo si Brent sa tabi niya at ipinatong nito ang kahabaan ng isang kamay sa sandalan ng sofa.

Pakiramdam tuloy niya ay nakaakbay ito sa kanya.

“Tawagin mo na lang akong ‘Mama,’”
nakangiting saad ng doña. “Tatal, ikaw ang ina ng
apo ko,”

Si Doña Merlinda, ayon kay Brent, ay naging imbalido sanhi ng isang car accident two years ago na ikinamatay ng asawa nito at anak na babae. At kamalas-malasan, six months ago ay na-diagnose ito with cancer of the uterus. Acute na iyon at ilang buwan lamang ang taning na ibinigay ng mga manggagamot dito.

Magsasalita sana si Jade nang may kumatok sa pinto.

“Ikaw pala, Modesta,” bati ng binata nang mabuksan ang pinto. “Tuloy ka.”

“Hindi na po, Sir Brent. Nagpunta lang po ako dito para ipaalam sa inyong nasa phone si Engr. Perez.”

“Salamat. Dito ko na lang kukunin ang tawag.”

Isinara nito ang pinto pagkalabas ng mayordoma at saka inangat ang cordless phone. Naupo itong muli sa tabi ng dalaga habang nakikipag-usap sa telepono.

“Mama, Jade, maiiwan ko muna kayo para makapag-usap kayo nang maayos,” mayamaya ay pagpapaalam nito. “Mayroon lang akong aasikasuhin

sa office.” Tumayo ito at hinalikan ang ina sa pisngi, pagkatapos ay bumaling kay Jade. “Babalikan kita dito mamaya, okay?”

Napailing si Doña Merlinda nang makalabas ang anak. “Ang anak kong iyan, wala nang inasikaso kundi trabaho. He is already thirty-five; dapat ay may asawa na siya at mga anak.”

Dahil hindi naman niya alam kung ano ang isasagot, minarapat na lamang niyang manahimik.

Makalipas ang ilang sandali ay nagsalita ulit ang matanda. “Jade, lapit ka dito. Gusto kong makita ang apo ko.”

Tumayo siya at naupo sa gilid ng kama. Inilapag niya ang bata malapit sa doña.

“Nakapanghihinayang na hindi ko man lang siya mabuhat o malaro. Alam mo bang matagal ko nang gustong magkaroon ng apo? Buti naman at bago ako mamatay ay natupad ang kahilingan kong iyon,” malungkot na pahayag nito.

Pinipilit laruin ng matanda ang apo nang dumating si Brent. Dahil kailangan ng doña ang pahinga, nagpaalam na sila rito.

“Jade, thank you for being nice to my mom,” seryosong saad ng binata nang makalabas na sila ng kuwarto.

“Wala kang dapat ipagpasalamat sa akin,”
sinserong tugon niya. “Napakabait ng mama mo....”
Lihim siyang napakagat-labi. Hindi niya dapat
niloloko ang matanda.

“I need to leave this morning. May ilang bagay
akong kailangang asikasuhin sa opisina,” turan nito
pagkuwan. “But I will be home in time for dinner.
Nagbilin na ako kay Modesta na asikasuhin ka kaya
sabihin mo lang sa kanya kapag may kailangan ka,
okay?”

Nakangiting tumango siya. *Mabait naman pala ang
loko, sa loob-loob niya.*

CHAPTER THREE

Kinagabihan, sabay na naghapunan sina Brent at Jade.

“Nagkaproblema sa site ng isa naming construction project,” pagkukuwento ng binata sa harap ng hapag. “Nabanggit nga pala sa akin ni Modesta na maghapon ka daw naglinis sa nursery. Dapat ay pinabayaan mo na ang mga katulong doon.”

“Hindi naman kasi ako sanay na walang ginagawa,” nakangiting sagot niya. “Isa pa, gusto kong matapos na ang paglilinis para makalipat na kami ni Benny ng kuwarto.”

Kumunot ang noo nito. “Bakit?”

“Baka kasi iniisip ng mga katulong mo na anak natin si Benny. Ayokong magkaproblema ka dahil sa amin,” paliwanag niya. “Alam mo na... adjacent kasi ang silid na inookupa namin doon sa iyo.”

Hindi ito nagsalita.

“Hindi ba ninyo niliwanag ni Doña Merlinda sa mga katulong na ang ama ni Benny ay si Paco?”

“We don’t need to explain ourselves to anyone,”

pormal na sagot nito. Nagbuntung-hininga ito.

“Actually, napag-usapan namin ni Mama na huwag ipaalam sa iba na si Paco ang ama ni Benny para proteksyunan ang bata. You don’t have any idea how cruel some people in the circle we move in can be to children like him. Sorry kung hindi ka man lang namin kinonsulta ni Mama bago kami magdesisyon.”

Tumango siya para ipaalam dito na naiintindihan niya ang rason nito. Naisip niyang ibahin na lamang ang usapan. “Siyanga pala, Brent, puwede na tayong hindi lumabas para mag-shopping bukas. Ang dami kong nakitang mga children’s wear sa cabinets sa nursery room. Puwede pang gamitin ni Benny ang mga iyon.”

“Kahit na,” iling nito. “Lalabas pa rin tayo at mamimili. Isa pa, hindi lang naman si Benny ang bibili ng damit. Ikaw din.”

“Huwag na lang,” tutol niya. “Sobra-sobra na ang ginagawa mo para sa amin ni Benny.”

“No. Matutuloy tayo sa lakad natin bukas.”

Hindi na lamang siya nagsalita upang huwag nang humaba ang usapan.

“JADE, mayroon sana akong gustong ipakiusap sa iyo,” simula ni Brent nang makaupo sa tabi ng

dalaga sa two-seater sofa. Pagkatapos maghapunan ay nagtungo sila sa library.

Tiningnan niya ito. "Ano 'yon?"

"Ipakikiusap ko sana na dito muna kayo ni Benny manirahan habang buhay pa ang Mama. Hindi mo alam, pero ang laki ng naitulong ng pagdating ninyo rito sa mood niya. Siguro ay napansin mo kaninang umaga na masaya siya despite her condition. Before you arrived, desperado na siya," seryosong pahayag nito. "Kung ang inaalala mo'y ang trabaho mo, mag-resign ka na lang. Kaya ko naman kayong buhayin ni Benny."

Magsasalita sana siya nang pigilan nito.

"Please don't say no. Actually, hindi tulong ito kundi karapatan ninyo ni Benny. May parte si Paco sa kinikita ng mga negosyo ng aming pamilya."

"Pero, Brent, wala naman obligasyon ang pamilya mo sa akin. Kay Benny, oo," sabi niya, "pero sa aki'y wala dahil hindi naman ako... k-kasal sa kapatid mo." Bumuntung-hininga siya. "Isa pa, gusto ko ring magtrabaho dahil ayokong maging dependent sa ibang tao. Payag akong mag-resign sa present job ko dahil masyadong malayo dito, pero gusto kong maghanap ng trabaho sa malapit."

Saglit na nanahimik ang lalaki. "May naisip

ako," pagkuwa'y saad nito. "Baka gusto mong mag-business na lang. Puwede kitang bigyan ng start-up capital. O kaya'y baka gusto mong mag-aral muna, para maging maganda ang job prospects mo."

"Puwede mo ba akong bigyan ng panahon para pag-isipan ito?"

"Take all the time you need."

Saglit na namayani ang katahimikan sa pagitan nila.

"Siguro'y dapat na akong magpahinga sa kuwarta ko," mayamaya ay sabi niya.

"Mamaya ka na umakyat; magkuwentuhan muna tayo. Why don't you tell me about your childhood?" nakangiting turan nito. "Wala man lang akong alam sa ina ng nag-iisa kong pamangkin."

Dahil nahihiyang tumanggi sa pakiusap nito, inumpisahan niyang magkuwento. Hindi niya itinago na ang kanyang namatay na ina ay isang prostitute, na ang tanging alam niya tungkol sa kanyang ama ay isa itong dayuhan. Ingat na ingat siyang hindi niya mabanggit ang kakambal na si Jade Diane.

"Bakit parang pakiramdam ko'y may itinatago ka sa akin?" tanong ng binata pagkatapos.

Ibinaba niya ang kanyang pilik-mata para maitago rito ang ekspresyon sa mga mata. "W-wala,"

iling niya. "Ano naman ang itatago ko sa iyo?"

"Parang nabanggit mo kanina na isang taon ka pa lang sa pabrika. 'Tapos ngayon sa kuwento mo, sabi mo'y nakatapos ka ng kursong Accounting. After that, sa pabrika ka na nagtrabaho. Tama ba ako?"

Tumango siya, kinakabahan na.

"Kung nagtapos ka ng college sa normal na edad, ikaw ay lampas beinte na nang magtapos," pagpapatuloy nito. "At kung isang taon ka na sa pabrika, that means you're just over twenty-one. Tama ba ako?"

Napapikit ito nang makita ang pagtango niya.

"Napakabata mo pa pala." Nagkunot-noo ito. "Kung si Benny ay nine months old na ngayong May, you were just twenty when he was born. At kung September mo siya ipinanganak, buntis ka nang magtapos ka sa college...."

Kiming tumango na naman siya.

"Bakit hindi mo binanggit si Paco sa kuwento mo?" naninimbang na tanong nito. "Kailan kayo nagkita?"

Hindi niya malaman kung ano ang isasagot doon. "Maaari bang huwag na natin pag-usapan si Paco?" bigkas na lamang niya.

"Twenty-one years old.... My God! I knew that

you were young, but not *that* young.” Umiling-iling ito. “What was Paco thinking? Hindi naman siya dating irresponsible.”

“Nabanggit sa akin ng mama mo na sinisisi ni Paco ang sarili sa aksidenteng kinasangkutan nila. Mabigat lang talaga marahil ang dinadala niyang alalahanin.”

Mataman siyang pinagmasdan nito. “How can you be so calm, so forgiving? Kung ako ang nasa lugar mo, siguro’y nagde-demand na ako ng kung ano-ano sa pamilya ng lalaking nakabuntis sa akin,” napapailing na saad nito.

Huminga nang malalim si Jade. “I should be in bed now,” aniyang tumayo na. “Medyo late na at may lakad pa tayo bukas.”

Babahagyang tumango ang binata.

“GOOD MORNING, Brent,” masayang bati ni Jade kinabukasan. Nadatnan na niya itong humihigop ng kape sa breakfast room.

“Good morning,” ganting bati ng binata. “Jade, can we leave early? Kailangan ko kasing bumisita sa isang project site. Nagkaroon na naman ng problema kagabi. Or sumama ka na lang kaya roon? Pagkatapos, saka tayo mag-shopping.”

“Okay lang kahit sa site ka na lang pumunta. Puwede namang sa ibang araw na lang tayo mamili.”

“Baka nga matagalan ako sa site,” napapatangong sabi nito. “Ganito na lang, ituloy mo na lang ang pagsi-shopping. Pasasamahan kita kay Modesta.”

“Sige, okay,” nakangiting sang-ayon niya kahit pa nakaramdam siya ng kaunting disappointment. Hindi pala niya ito makakasama nang matagal sa araw na iyon tulad ng kanyang akala.

“JADE, HALIKA, doon naman tayo sa boutique ng kaibigan ni Sir Brent,” yakag ni Aling Modesta sa dalaga nang nakatapos silang mamili ng mga gamit ni Benny. “Bilin kasi ni Sir Brent sa akin na samahan kita doon para makapamilya ka ng mga gamit mo.”

Tatanggi sana siya ngunit nabitin ang salitang pakakawalan sana niya nang may marinig siyang pamilyar na tinig sa di-kalayuan. Lumingon siya at nakita si Brent na may kasamang magandang babae. Masayang nagkukuwentuhan ang mga ito sa isang café habang kumakain.

Napakunot-noo siya. Ang sabi ng lalaki ay sa project site ito pupunta. Gusto niyang magdamdam ngunit sinaway niya ang sarili. Ano ba ang karapatan niya?

“Aba, si Sir Brent ‘yon, ah,” sabi ni Aling Modesta. “At kasama pa si Miss Shirley.”

“Shirley?” ulit niya.

“Oo, si Miss Shirley. Dating girlfriend ‘yan ni Sir Brent. Pero hindi sila nagtagal, na ipinagpasalamat namin dahil hindi namin gusto ang ugali ng babaeng ‘yan. Masyadong mataray. Pero bakit kaya magkasama na naman sila ni Sir Brent?” Napatigil ito nang makita ang lungkot sa kanyang mukha. “Naku, Jade! Huwag kang mag-alala. Sigurado akong hindi sila nagkabalikan at ikaw pa rin ang mahal ni Sir.”

Hindi niya malaman kung paano ipapaliwanag sa matanda na wala siyang relasyon ng amo nito. Para ibaling ang atensyon nito sa ibang bagay, niyaya na lamang niya ito sa boutique. “Ano po ba ang pangalan ng boutique na sinasabi ninyo?”

“*Mixed Ensembles*. Ang may-ari niyon ay si Mrs. Rosette Floresca, asawa ng kaibigan ni Sir Brent,” tugon nito. “Huwag kang mag-alala. Mabait si Ma’am Rosette at magaling ang taste niya sa pananamit kaya matutulungan ka niya.” Itinuro nito sa kanya ang naturang boutique, pagkatapos ay hinila na siya papunta roon.

“Charlie, nandiyan ba si Ma’am Rosette?” bungad nito sa guwardya.

“Oho, Aling Modesta, tuloy ho kayo. Ibinilin nga ho niya sa akin na darating kayo.” Ngumiti nang malawak ang guwardya nang tumingin kay Jade.

Dumerecho na sila sa loob upang masayang salubungin ng isang babaeng hindi nalalayo ang edad kay Brent. Maganda ito at elegante.

“You must be Jade,” bati nito sa kanya. “Brent was right, you are very beautiful.”

Nginitian niya ito. “Ako nga po si Jade,” kiming turan niya. “Kayo po ba si Ma’am Rosette?”

“Just call me ‘Rosette.’ So let’s get started na at marami ka pang isusukat na damit.”

“Ang dami na nito, Rosette,” protesta niya pagkaraang magsukat ng ilang damit. “Hindi ko naman kailangan ang lahat ng ito. Hindi ako palalabas at hindi rin ako mahilig magpunta sa parties.”

Umiling lamang ito. “No. Complete wardrobe ang instruction ni Brent. Since siya ang magbabayad, siya ang masusunod. Namili na rin ako ng undergarments, shoes, bags at accessories. Ang sarap mong bihisan because you have such a beautiful body. Saan ko nga pala ipapadala ang mga ito?”

Bahagyang namula ang mga pisngi niya. “S-sa bahay ni Brent,” mahinang sagot niya. “Doon ako

tumitigil pansamantala.”

“Oh.”

Nang titigan siya nito, alam niyang tulad ni Aling Modesta at ng ibang katulong sa bahay, iniisip nitong may relasyon sila ni Brent.

“Anyway, sigurado akong magagamit mo ang mga damit na ito dahil madalas mag-entertain si Brent ng mga bisita at dumalo sa iba’t ibang business and social functions.”

Ngumiti na lamang siya.

“Nagtatrabaho ka na ba?” tanong nito pagkuwan.

“Nagtatrabaho ako bilang accounting clerk sa isang pabrika sa Sta. Cruz, Manila. Kaya lang pinatigil ako ni Brent dahil malayo ang pabrika sa bahay niya. Pero naghahanap din ako ng bagong trabaho sa banda rito....”

Dahil nakayuko siya habang tinitingnan ang sketches ng mga damit na ipinapakita sa kanya ng babae, hindi niya nakita ang ngiti sa mga labi nito.

“Kung gusto mo, sa akin ka na lang magtrabaho as my shop assistant,” alok nito.

Napatingin siya rito. “Seryoso ka ba?”

“Oo. Kailangan ko talaga ng assistant na tatao sa branch ko sa *Alabang Town Center*. Medyo napapabayaang ko na kasi ang branch na ’yon. Ang

totoo niyan, ilang buwan na akong naghahanap ng assistant kaya lang wala akong makita. Pero kanina pagkakita ko sa iyo, I knew that you'd be perfect for the job. I like the image that you project. Ikaw ang tipo ng babaeng kahit ano ang isuot ay maganda at mapapansin pa rin."

"S-sigurado ka ba? Wala akong kaalam-alam sa pagtatrabaho sa isang boutique," alanganing saad niya.

"Don't worry about that kasi bago kita paharapin sa mga customers ko'y mag-a-undergo ka ng one-month training, not only about shop operations but also on dealing with clients," paliwanag nito. "O, ano, interesado ka ba?"

Tumingin siya nang derecho sa mga mata nito. "Kailan ako mag-uumpisa?"

Ngumiti ito nang malawak.

"GOOD EVENING PO, Doña Merlinda," masayang bati ni Jade sa matanda na sinadya niya sa silid nito.

"Pasok ka, Hija," magiliw na anyaya nito at saka kunwa'y nagkunot-noo. "Parang natatandaan kong sinabihan kita na 'Mama' ang itawag mo sa akin."

Ngumiti siya. "Kumusta na po kayo, Mama?"

Pasensya na kayo at ngayon ko lang ulit kayo nadalaw.”

“Huwag kang mag-alala, Hija. Ipinaliwanag naman sa akin ni Modesta kung bakit hindi ka nakadalaw sa akin kahapon at kanina. Isa pa, madalas na dinadala ni Melita si Benny dito.” Huminga ito nang malalim habang ang ngiti sa bibig ay hindi nabubura. “Talagang nakakatuwa ang apo ko! Napakalikot na pala ng batang iyon. Pinaalis ko nga ang ibang gamit dito sa kuwarto ko para lumawak ang space na maiikutan niya.... Kumusta nga pala ang pagsi-shopping ninyo ni Modesta?”

“Naku, Mama!” excited na bulalas niya. “Ang dami kong napamiling damit, sapatos at mga laruan para kay Benny.”

“Eh, nakapamilya ka ba naman ng para sa iyo?”

Tumango siya. “Sinamahan ako ni Aling Modesta sa boutique ni Rosette. Pagdating po namin doon ay may nakahanda na siyang mga damit para sa akin. Namili na rin po siya ng mga sapatos at bag. Pero sabi niya’y may ipapa-deliver pa siya dito within the week,” pagkukuwento niya. “Nahihiya nga po ako kay Brent. Tiyak na malaki ang babayaran niya dahil ang dami ng pinauwing gamit sa akin si Rosette.”

“Don’t worry about it, Jade,” nakangiting turan

nito. "I'm sure na hindi naman mamumulubi si Brent dahil doon."

"May maganda nga pala akong balita sa inyo. Kinuha ho ako ni Rosette para maging shop assistant niya. Tinanggap ko ho naman at next month ay mag-uumpisa na ang training ko."

"That is good news indeed. Pero alam na ba ito ni Brent?"

"Hindi pa ho, pero napag-usapan na namin kagabi ang tungkol sa paghahanap ko ng trabaho."

"Pero ang nabanggit sa akin ni Brent ay bibigyan ka niya ng kapital para makapag-umpisa ka ng sarili mong negosyo o di kaya ay papag-aralin ka niya. Wala siyang nabanggit tungkol sa paghahanap mo ng trabaho."

"Sayang naman ho ang opportunity na ibinibigay sa akin ni Rosette. Sa palagay ko nama'y maganda ang kahihinatnan ng pagtatrabaho ko sa kanya."

"Kunsabagay, kung si Rosette ang magiging boss mo'y nasa mabuting kamay ka," tumatangong bigkas nito. "Mabait na bata iyon at matalino. Marami kang matututunan sa kanya pagdating sa pagpapatakbo ng negosyo. Teka, bakit nga pala hindi si Brent ang sumama sa iyo sa pamimili?"

"Kasama niya 'yung dati niyang girlfriend—si

Shirley. Nakita namin sila ni Aling Modesta sa mall,” kunwa’y bale-walang kuwento niya bagaman deep inside ay ngingangatngat ng yamot ang puso niya. “Di ho ba’t kahapon lang ay nabanggit ninyo na matagal nang panahong walang girlfriend si Brent? Malay ho ninyo, magkabalikan sila ni Shirley...”

“Kung si Shirley rin lang ay mas gugustuhin ko pang maging matandang binata ang anak ko,” ingos ng doña. “Hindi ako boto sa babaeng ’yon. Masyadong matapobre at mataray. Bakit kaya nakipagkita si Brent sa babaeng ’yon?”

Bago siya nakasagot ay napansin niya na gumuhit ang matinding sakit sa mukha nito. “M-Mama, ano po’ng nangyayari?” nag-aalalang tanong niya.

“T-tawagin mo na lang ang nurse...”

Mabilis siyang tumalima.